

Ang Pagbuhos ng Banal na Espiritu

WARM-UP

- Ano ang isang wika na gusto mong matutunan at bakit ito ang napili mo?
- Ano ang isang kuwento na galing sa isang guro o magulang ang hindi mo mapigilang hindi ikuwento sa iba?
- Maituturing mo ba ang sarili mo bilang isang taong maaasahan? Bakit oo o bakit hindi?

WORD

¹Pagdating ng araw ng pista na tinatawag na Pentecostes, nagtipon ang lahat ng mananampalataya sa isang bahay. ²Habang nagtitipon sila, bigla na lang silang nakarinig ng ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na hangin. At puro ugong na lang ang kanilang narinig sa bahay na kanilang pinagtitipunan. ³Pagkatapos, may nakita silang mga ningas ng apoy na parang mga dila na kumalat at dumapo sa bawat isa sa kanila. ⁴Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon.

MGA GAWA 2:1-4

Sa araw ng Pentecostes, ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Banal na Espiritu sa mga disipulo na nagtipon-tipon sa Jerusalem. Ito ang unang pagkakataon na bumuhos ang Banal na Espiritu sa maraming tao. Habang ang mga disipulo ay napupuspos ng Banal na Espiritu, sila ay nagsalita sa iba't ibang mga wika, at narinig ng mga tao sa paligid nila na pinapapurihan ang Diyos sa kani-kanilang mga wika. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong katotohanan na maaari nating matutunan sa unang pagbuhos ng Banal na Espiritu.

1**Ang pangako ng Banal na Espiritu ay para sa lahat ng tao.**

Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu . . . **MGA GAWA 2:4**

(Basahin din ang **JOEL 2:28,29.**)

Ang lahat ng mga tagasunod ni Jesus na nagtipon-tipon sa Jerusalem ay *napuspos ng Banal na Espiritu*. Sa Joel, ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya ang Kanyang *Espiritu sa lahat ng tao*. Ang sinumang tagasunod ni Cristo at umangkin sa pangako ng Banal na Espiritu ay maaaring mapuspos ng Banal na Espiritu. Ano ang nangyari nang angkinin mo ang pangako ng Banal na Espiritu?

.....

.....

2**Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng mga espirituwal na kaloob.**

Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon. **MGA GAWA 2:4**

Sa araw ng Pentecostes, ang pagbuhos ng Banal na Espiritu ay nakita sa pamamagitan ng pagsasalita sa iba't ibang mga wika. Ito ay isa sa maraming kaloob ng Banal na Espiritu. Ano ang iba pang mga kaloob ng Espiritu (Mga Taga-Roma 12:6-8; 1 Mga Taga-Corinto 12:8-11)? Sa pamamagitan ng anong mga espirituwal na kaloob mo nakita ang pagbuhos ng Banal na Espiritu?

.....

.....

3

Isang layunin ng mga espirituwal na kaloob ay ang maihayag ang mga kamangha-manghang gawa ng Diyos.

“. . . ang iba ay mula sa Crete at Arabia. Pero naririnig natin sila na nagsasalita ng mga wika natin tungkol sa mga kamangha-manghang ginawa ng Diyos!” **MGA GAWA 2:11**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:17**.)

Ang Banal na Espiritu ay nakikita sa pamamagitan ng mga espirituwal na kaloob. Ang mga espirituwal na kaloob na ito ay laging nakaturo sa Diyos at sa Kanyang mga kamangha-manghang gawa. Sa Joel, ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya ang Kanyang Espiritu sa lahat ng tao, at ang Kanyang mga mamamayan ay makakatanggap ng mga kaloob upang makapagbigay ng propesiya, mga panaginip, at mga pangitain. Paano ginagamit ng Diyos ang mga espirituwal na kaloob upang ipahayag ang Kanyang mga kamangha-manghang gawa?

APPLICATION

- Naranasan mo na bang mapuspos ng Banal na Espiritu? Hilingin sa isang kakilala na samahan kang manalangin upang matanggap mo ang Banal na Espiritu.
- Paano mo magagawang pagpalain ang isang miyembro ng pamilya mo gamit ang kaloob ng Espiritu? Mangakong manalangin ka sa pamamagitan ng Espiritu para sa pamilya mo araw-araw.
- Ang kaloob ng Banal na Espiritu ay naghahayag ng mga kamangha-manghang gawa ng Diyos sa lahat ng tao. Paano makikita ng iba ang kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa buhay mo gamit ang mga espirituwal na kaloob?

PRAYER

- Ipanalangin ang mas malalim na pagka-unawa sa pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay mo at sa pamamagitan mo. Pasalamatang ang Diyos sa pagbibigay Niya ng Kanyang Espiritu sa lahat ng tao.
- Ipanalangin na lagi kang mapuspos ng Banal na Espiritu araw-araw. Hingin sa Diyos na mangusap Siya sa iyo sa araw-araw mong pagbabasa ng Bibliya.
- Humingi sa Diyos ng pahayag mula sa Kasulatan para sa isang tao sa iyong tahanan, lugar ng pinagtatrabahuhan, o paaralan. Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob upang maibahagi mo ngayong linggo sa taong ito ang natanggap mong pahayag mula sa Bibliya.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph